

**MGA PAMPUBLIKONG WORKSHOP TUNGKOL SA REGULASYON SA PAMPARUMI NG KLIMA
REGULASYON 13 at TUNTUNIN 13-2, 13-4 at 8-34**

Nagsasagawa ang Air District ng isang serye ng mga pampublikong workshop tungkol sa mga bagong pagsisikap para sa pagpapagaan o pagbabawas ng mga emisyon ng mga nagpaparumi sa klima at organikong materyal sa Bay Area. Alamin ang tungkol sa mga ipinapanukalang tuntunin, kausapin ang mga tauhan ng Air District, magtanong, at magbigay ng feedback.

LAYUNIN NG MGA REGULASYONG ITO*

Ang borador (draft) na Regulasyon 13, Mga Nagpaparumi sa Klima, ay naglalayong bigyan ng kahulugan ang mga karaniwang termino upang tiyakin ang katatagan para sa mga hinaharap na tuntunin na partikular sa pinagkukunan nito.

Ang borador na Regulasyon 13, Tuntunin 2, Mga Operasyon sa Paghawak ng Organikong Materyal at Paggawa ng Compost, ay aatasan ang mga pasilidad na humahawak ng mga organikong materyal na sumunod sa mga pinakamainam na gawi sa pangangasiwa, mga pinakamababang pamantayan at mga kinakailangang pag-ulat.

Ang mga borador na konsepto para sa Regulasyon 13, Tuntunin 4, Paglilinis ng Tubig mula sa Alkantarilya (Sewage) at Mga Proseso ng Pagtunaw ng Materyal ng Mga Organismo Nang Walang Oxygen (Anaerobic Digestion) ay aatasan ang mga operator ng mga paglilinis ng tubig mula sa alkantarilya sa munisipyo at mga pantunaw na walang oxygen (anaerobic digester) na sumunod sa mga kinakailangan para sa pagpapagaan ng mga emisyon ng mga pamparumi sa klima.

Ang mga borador na konsepto para sa mga susog sa Regulasyon 8, Tuntunin 34, Mga Lugar para sa Pagtapon ng Mga Solidong Basura ay magpapalakas sa mga probisyon ng mga emisyon mula sa mga lugar ng pagtapon ng solid na basura, na mga pangunahing pinanggagalingan ng methane.

**Ang Tuntunin 13-1 na tumutugon sa Malalaking Paglabas ng Methane ay tatalakayin sa mas nahuhuling petsa at hindi kabilang sa serye ng workshop na ito. Ang Tuntunin 13-2 at 13-3 ay ipinagsama sa ilalim ng Tuntunin 13-2.*

ISKEDYUL NG WORKSHOP

San Francisco

Huwebes, ika-13 ng Hunyo, 2 – 4 pm

Bay Area Metro Center, Silid ng Yerba Buena.

375 Beale St.

Richmond

Martes, ika-18 ng Hunyo, 6 – 8 pm

Richmond Memorial Auditorium, Silid ng Bermuda.

403 Civic Center Plaza

Milpitas

Miyerkules, ika-19 ng Hunyo, 6 – 8 pm

Embassy Suites

901 E. Calaveras Boulevard

Ang mga deadline sa pagkomento ay iaanunsiyo kapag naging available na ang borador na tuntunin:
<http://www.baaqmd.gov/ruledev>

Mga tanong at komento: Robert Cave, rcave@baaqmd.gov

Para sa pagsasalin sa ibang wika, makipag-ugnayan kay Sonam Shah-Paul, sshah-paul@baaqmd.gov,
415-749-8438 nang hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.

Para información en español, llame al 415-749-4609

中文聯絡電話 415-749-4609

Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609

Ang Air District ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area.

Makipag-ugnayan sa amin: